# PAGGALANG

8
ARALIN

## MGA PAMANTAYANG TINUTUGUNAN

- Tutukuyin ng mga estudyante ang mabubuting katangian ng pagkatao.
- Tatalakayin ng mga estudyante ang tungkol sa mga paraan upang maging mabuting kaibigan at responsableng miyembro ng pamilya.
- Ipapakita ng mga estudyante ang pagiging responsableng mamamayan sa paaralan at komunidad.
- Makikipag-ugnayan ang mga estudyante sa iba upang tumuklas ng mga ideya at konsepto, magpabatid ng kahulugan, at bumuo ng mga lohikal na interpretasyon sa pamamagitan ng sama-samang pag-uusap; maglilinang sila batay sa mga ideya ng iba upang malinaw na maipahayag ang kanilang sariling pananaw habang iginagalang ang magkakaibang pananaw.
- Kikilalanin, tatanggapin, at pahahalagahan ng mga estudyante ang pagkakaiba-iba ng bawat indibidwal.

## MGA LAYUNIN

Matutunan ng mga estudyante ang kahulugan ng paggalang.

Magbigay ang mga estudyante ng mga halimbawa ng paggalang sa tahanan, paaralan, at sa kanilang komunidad.

Magbigay ang mga estudyante ng mga halimbawa ng magalang na pag-uugali.

# MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Pisara o chart paper, mga marker, at ang resource ng tagapagturo na "Anchor Chart Ng Paggalang" ("Gagawin Ko")
- Isang card o piraso ng papel at gunting na may pangkaligtasang feaure para sa bawat estudyante ("Gagawin Natin")
- Activity sheet na "Magalang o Hindi Magalang?" para sa bawat estudyante ("Gagawin Natin")
- Activity sheet na "Mga Form ng Paggalang para sa Garapon" at container ("Pagtatapos")

# Panimula

10 Minuto

Salubungin ang bawat estudyante sa pintuan ng inyong silid-aralan na nakikipagkamay at nakangiti. Tiyaking tinitingnan sa mata ang bawat estudyante at pasalita silang binabati sa pamamagitan ng pagbanggit ng kanilang pangalan habang pumapasok sa silid. Pagkatapos, kapag nakaupo na ang mga estudyante, isulat ang salitang "PAGGALANG" sa pisara. Itanong sa mga estudyante, "Nakarinig na ba kayo ng salitang ito?" "Kung oo, maaari bang sabihin ninyo kung ano ang ibig sabihin nito?" Pagkatapos makinig sa tugon ng ilang estudyante, sabihin, "Ang paggalang ay ang pagtrato sa isang tao sa paraang nagpaparamdam sa kanila na sila ay pinahahalagahan at mahalaga." Pagkatapos, itanong, "Ngayong alam na ninyo ang kahulugan ng paggalang, ano ang ibig sabihin nito para sa inyo?"

# Kaalamang Ipinepresenta ng Guro/Gagawin Ko

10 Minuto

Gumawa ng anchor chart ng "Paggalang" kasama ang klase (*tingnan ang "Anchor Chart ng Paggalang" sa likod ng araling ito bilang halimbawa*). Tagubilinan ang mga estudyante na magbigay ng mga tiyak na halimbawa ng magagalang na pag-uugali at isulat ang mga ito sa chart.

## Pinapatnubayang Pagsasanay ng Estudyante/Gagawin Natin

15 Minuto

Hilingin sa mga estudyante na isulat ang "PAGGALANG" sa isang card o papel. Atasan silang gupitin ang card o papel sa lima hanggang pitong pirasong puzzle.

Kapag nakagawa na ang mga estudyante ng kanilang mga "PAGGALANG" na puzzle, sabihin, "Ngayon, gusto ko na bawat isa sa inyo ay humarap sa katabing kaklase at ipakita sa kanila ang inyong puzzle. Pansinin kung paano naiiba ang iyong puzzle sa kanyang puzzle, kahit pareho kayong binigyan ng parehong panuto. Ipinakikita nito kung paano naiiba ang iniisip ng bawat isa sa atin tungkol sa mga bagay-bagay...at okey lang iyon! Iyan ang dahilan kung bakit espesyal ang bawat isa sa atin. Dapat palagi tayong magpakita ng paggalang at tratuhin nang may kabutihan ang iba, kahit na naiiba ang kaisipan nila sa kaisipan natin."

Tagubilinan ang mga estudyante na guluhin ang kanilang mga piraso ng puzzle, ipagpalit ang mga puzzle sa kaklase, at subukang buuin ang puzzle ng kanilang kaklase.

## Sariling Pagsasanay ng mga Estudyante/Gagawin Mo

20 Minuto

Sabihin sa mga estudyante, "Makikilahok kayo sa gawain kung saan kayo ay magpapasya kung aling mga aksyon ang may paggalang at kung alin ang walang paggalang." Bigyan ang bawat estudyante ng acitvity sheet na "Magalang o Hindi Magalang?". Sabihin sa mga estudyante, "Bilugan ang mga kahon na nagpapakita ng mga aksyon na may paggalang." Tulungan ang mga estudyante kung kinakailangan.

Tagubilinan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang natapos na activity sheet. Sabihin, “Kapag magalang ka, hindi mo sinasaktan ang mga tao o sinisira ang mga bagay. Ang mabubuting estudyante ay laging nagsusumikap na maging magalang.”

## Pagtatapos

5 Minuto

Maglagay ng garapon ng paggalang sa silid-aralan at ipakita sa mga estudyante ang mga coupon ng activity sheet na (tingnan ang “Mga Form ng Paggalang para sa Garapon”). Sabihin sa mga estudyante na sulatan ang coupon at ilagay ito sa garapon sa tuwing makakakita sila ng kaklase na nagpapakita ng paggalang. Pagkatapos, kapag napuno na ang garapon, kumuha ng pangalan mula sa garapon para papurihan.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Ano ang ibig sabihin ng salitang “paggalang”?
2. Paano mo ipinakita ang paggalang ngayon?
3. Paano mo maipapakita ang paggalang sa iba?
4. Paano ipinapakita ang paggalang sa ating silid-aralan at sa tahanan?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGPAPALAWIG NG SINING

Hatiin ang klase sa maliliit na grupo at ipasa ang poster board, mga marker, at panulat. Ipaliwanag na gagawa sila ng poster na nagpapakita kung paano sila maaaring maging magalang sa tahanan, sa paaralan, o sa komunidad. Kapag natapos na ang lahat ng poster, tagubilinan ang bawat grupo na ibahagi ang kanilang ginawa sa klase. Kung nahihirapang mag-isip ng ideya ang mga estudyante, imungkahi ang mga sumusunod: 1. Pagpupulot ng basura sa bakuran ng paaralan o sa loob ng paaralan, 2. Pag-aalaga sa mga gamit, 3. Pagpapakita ng tamang asal sa palaruan, 4. Paggalang sa iba at sa mga gamit sa silid-aralan, 5. Pag-aalaga sa sarili mo(*pagsisipilyo ng ngipin, paghuhugas, atbp.*)

## PAGPAPALAWIG NG ELA

Ipasulat sa mga estudyante kung ano ang ibig sabihin ng paggalang para sa kanila at kung paano natin maipapakita ang paggalang sa iba.

## PAGPAPALAWIG NG DRAMA

Sabihin sa mga estudyante na magsasanay sila ng mga magalang na pag-uugali sa pamamagitan ng aktibidad na pagsasadula. Humiling ng anim na boluntaryong estudyante. Sabihin sa kanila na isasadula nila ang hindi magalang na paraan at pagkatapos ay ang magalang na paraan sa pagharap ng mga sitwasyong nangyayari sa tahanan, paaralan, at komunidad. Bigyan ang bawat boluntaryo ng isa sa mga sumusunod na sitwasyong gagampanan: hindi magkasundong magkapatid sa laro; hinihiling ng iyong magulang na gawin ang isang bagay; may sumingit sa unahan mo sa linya sa paaralan; kailangan mong sabihin ang isang bagay sa guro; nanonood ka ng pelikula kasama ang mga kaibigan at nais mong magbahagi ng kuwento. Pagkatapos ng bawat

pagsasadula, tagubilinan ang klase na talakayin ang mga sitwasyon. Maaari ka munang magmodelo sa pamamagitan ng pagpapakita ng sitwasyong hinarap nang hindi magalang (*ano ang hindi dapat gawin*) at pagkatapos ay hinarap nang magalang (*ano ang dapat gawin*).

# PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Basahin sa klase ang kuwento na *Little Bear's Sunday Breakfast*, ni Janice Mariana. Pagkatapos ng pagbasa, tanungin ang mga estudyante, "Paano naging magkaibigan sina Goldilocks at Little Bear at paano natutong igalang ang isa't isa?" Mag-ikot sa silid-aralan at hilingin sa bawat estudyante na magbahagi ng isang paraan kung paano sila maaaring magpakita ng paggalang sa iba.